# **Kalusugan ng puno:** mga bagyo, sakit at peste.

## Pinsala ng bagyo

## Mga Sakit

Ang Calgary ay may mga bagyo ng nyebe sa buong taon, malalakas na hangin at makulog na bagyo na may mga pagtama ng kidlat at pag-ulan ng graniso.
Gawin ang mga hakbang na ito pagkatapos ng bagyo para masuri ang iyong mga puno at matulungan itong makabawi.

1. **Tingnan ang bawat puno.**
   Suriin kung may mga nagalaw na lupa, mga bitak sa katawan ng puno at o sa mga pangunahing sanga.
2. **Maging Maingat.**
   Tingnan kung may mga panganib sa palibot ng iyong mga puno kung may baling mga sanga na napinsala o maaaring mapinsala.
3. **Tumawag sa isang sertipikadong ISA arborist** para matulungang tanggalin ang mga natira ng bagyo, suriin at pungusan nang tama ang iyong napinsalang puno.



Baling Sanga ng Deciduous

**Mga halimbawa ng mga sakit ng puno:**



Dutch Elm Disease



Fire Blight



Black Knot Fungus



Bronze Leaf Disease

17-00852782

# Mga peste sa puno

**Ang mga puno na nai-stress ay nanganganib na mapeste.** Kasama sa mga nagpapa-stress sa puno ang, mga baling sanga, mga bitak sa katawan nito at mga ugat na nasa matubig na lugar. Masosolusyonan ito kung alam mo kung ano ang hahanapin at kung ano ang gagawin.



**Baling Katawan ng Deciduous**

**Mga Insekto:**

**Mga insektong ngumunguya: kumakain ng himaymay ng halaman tulad ng mga dahon, bulaklak, ubod, mga ugat at maliliit na sanga.**

- Ash Leaf Cone Roller
- Satin Moth
- Yellow-headed Spruce Sawfly
- Mites

**Mga insektong naninipsip: nagpapasok ng kanilang bibig sa himaymay ng puno at sinisipsip ang mga katas nito.**

- Aphids
- Elm Scale
- Oystershell Scale
- Pine Needle Scale

**Mga insektong nambubutas: gumugugol ng panahon sa panginginain sa ilalim ng balat ng puno bilang batang insekto.**

- Ash Bark Beetle
- Bronze Birch Borer



**Yellow-headed Spruce Sawfly**



**Oystershell Scale**



**Ash Bark Beetle**

**ALALAHANIN:** **ang pinakamadaling paraan na makakatulong sa pag-iwas at pagsugpo ng mga peste at sakit ay ang panatilihing malusog ang iyong mga puno: diliging mabuti, lagyan ng pataba, pungusan kung kinakailangan at kapag may alinlangan, tumawag sa isang propesyonal.**

17-00852782